Department of Justice Canada | Ministère de la Justice Canada

# Resolusyon para sa hidwaan sa pamilya: paglutas sa mga isyung kaugnay ng batas ukol sa pamilya (family law) sa labas ng korte

Maaaring hindi maging madali ang diborsyo at paghihiwalay, lalo na kung may mga anak kayo. Posibleng mamroblema kayo sa iba't ibang desisyong kailangan ninyong gawin patungkol sa mga kasunduan sa pagpapalaki ng anak at mga isyung pinansyal.

Layunin ng dokumentong ito na

- bigyan kayo ng ilang pangkalahatang impormasyon tungkol sa iba't ibang uri ng proseso ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya, at
- tulungan kayong maunawaan ang mga opsyong mapagpipilian ninyo na makakatulong  sa pakikipagkasundo ninyo sa inyong dating partner nang hindi pumupunta sa korte.

## Laman ng pahinang ito


- Resolusyon para sa hidwaan sa pamilya
- Pagkuha ng legal na impormasyon at legal na payo
- Kapag posibleng hindi naaangkop ang resolusyon para sa hidwaan sa pamilya – kaligtasan at iba pang alalahanin
- Mga pagkakaiba sa pagitan ng negosasyon, pamamagitan, at batas sa pakikipagtulungan (collaborative law)
- Paano magpasya kung anong resolusyon para sa hidwaan sa pamilya ang pinakamakakabuti para sa inyong pamilya
- Kailan ninyo kailangang pumunta sa korte
- Mga serbisyo para sa katarungang pampamilya sa inyong lalawigan


## Resolusyon para sa hidwaan sa pamilya

Ang 'proseso ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya' ay isang bagong termino sa *Batas sa Diborsyo.* Ginagamit ito upang ilarawan ang ilang proseso sa labas ng korte na magagamit ng mga pamilya sa paglutas ng mga isyu tulad ng pagpapalaki ng anak, pagsuporta sa anak, at para sa ilang pamilya, para sa paglutas ng mga isyu sa ari-arian. Ang negosasyon, pamamagitan, batas sa pakikipagtulungan (collaborative law), at pag-aareglo ay mga uri ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya na ipinapaliwanag sa ibaba.

Canada

**Paggamit ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya: mga bagong legal na obligasyon**

Noong Hunyo 21, 2019, gumawa ng mga pagbabago ang Parlamento sa *Batas sa Diborsyo* na nakaapekto sa resolusyon para sa hidwaan sa pamilya. Malalapat ang mga pagbabagong ito simula Hulyo 1, 2020.

Magagamit na ninyo ang mga opsyon sa resolusyon para sa hidwaan sa pamilya na hindi nag-aatas sa inyong pumunta sa korte, tulad ng pamamagitan. Bago sa *Batas sa Diborsyo* ang isinasaad nito na kailangan ninyong subukang lutasin ang inyong mga isyu kaugnay ng batas ukol sa pamilya (family law) sa pamamagitan ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya, kung naaangkop ito. (https://www.justice.gc.ca/eng/fl-df/fsdpo-fiopa.html).

May tungkulin na ngayon ang mga legal na tagapayo na hikayatin kayo– bilang mga kliyente nila – na subukang lutasin ang mga isyu sa pamamagitan ng proseso ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya, maliban kung malinaw na hindi ito naaangkop.

Maraming paraan para makagawa ang mga tao ng mga desisyon tungkol sa mga isyung nauugnay sa paghihiwalay o diborsyo. Kailangan ninyong magpasya sa paraang pinakamakakabuti para sa inyo at sa inyong pamilya. Anumang proseso ang gamitin ninyo, mahalagang pagtuunan ng pansin ang kapakanan ng inyong mga anak.

**Mga benepisyo ng paglutas sa mga isyu sa pamamagitan ng kasunduan**

Maraming pakinabang ang paglutas sa mga isyu sa pamamagitan ng kasunduan sa halip na isang hukom ang magpasya para sa inyo:

- nauunawaan ninyo ang mga pangangailangan ng inyong mga anak
- mas kaunti ang gastos sa resolusyon para sa hidwaan sa pamilya at mas mabilis ito kaysa sa pagpunta sa korte
- posibleng makabuti para sa mga anak ninyo na makitang nagtutulungan ang kanilang mga magulang
- posibleng makatulong ang ilang proseso ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya na mapahusay ang inyong kakayahang makipag-ugnayan sa isa’t isa

Sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, may tungkulin ang mga magulang na protektahan ang kanilang mga anak laban sa mga salungatang nauugnay sa mga isyu sa pagpapalaki ng anak at pagsuporta sa kanila. Makikita dito(Fact Sheet – Mga tungkulin ng mga partido) ang higit pang impormasyon tungkol sa mga tungkulin ng mga partido.

## Pagkuha ng legal na impormasyon at legal na payo

Ang isang legal na tagapayo ay sinumang kwalipikadong magbigay sa inyo ng legal na payo o maging kinatawan ninyo sa kaso sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo.* Kabilang dito ang mga abogado, maging ang iba pang taong kwalipikado sa inyong lalawigan. Halimbawa, makakapagbigay ng legal na payo kaugnay ng batas ukol sa pamilya (family law) ang mga notaryo sa Québec.

Posibleng maging kumplikado ang mga isyung kaugnay ng batas ukol sa pamilya (family law). Matutulungan kayo ng isang legal na tagapayo sa iba't ibang panahon at iba't ibang paraan sa buong proseso ng inyong paghihiwalay o diborsyo. Maipapaliwanag nila

- ang mga legal na karapatan at responsibilidad ninyo at ng ibang tao
- ang inyong mga opsyon
- ang koneksyon ng mga legal na isyu sa isa't isa
- ang prosesong ginagawa ng mga korte
- kung gaano kabilis ang posibilidad na malutas ang mga isyu sa pamamagitan ng korte at mga proseso ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya
- ang mga pakinabang at kawalan sa pagkakaroon ng kasunduan o kautusan mula sa korte

Inirerekomendang makipag-usap kayo sa isang legal na tagapayo **bago** kayo lumagda sa isang plano o kasunduan kaugnay ng pagpapalaki ng anak. Posibleng may nakalimutan kayong mahalagang bagay na maipapaliwanag nila sa inyo.

Kung may mga anak kayo, maaaring kailanganin ninyong bigyan ng kopya ng inyong nakasulat na kasunduan o kautusan mula sa korte ang mga paaralan, doktor, at kagawaran ng pamahalaan. Maipapaalam sa kanila ng dokumentong ito kung sinong magulang ang maaaring sumundo sa bata at kung sino ang makakagawa ng mahahalagang pasya para sa inyong mga anak. Makakatulong ang mga legal na tagapayo na matiyak na malinaw at madaling unawain ang inyong mga dokumento.

Maaaring maging lubos na mahalaga ang paghingi ng tulong ng isang legal na tagapayo sa mga kaso kung saan mayroong karahasan sa pamilya, pang-aabuso sa ipinagbabawal na gamot, o malubhang sakit sa pag-iisip. Makikita rito (Link sa Fact Sheet kapag mayroon) ang higit pang impormasyon tungkol sa karahasan sa pamilya.

## Kapag posibleng hindi naaangkop ang resolusyon para sa hidwaan sa pamilya – kaligtasan at iba pang alalahanin

Maaaring hindi naaangkop ang ilang partikular na uri ng resolusyon para sa hidwaan, kabilang ang mga kaso ng malubhang salungatan, hindi balanseng impluwensya, o karahasan sa pamilya. Halimbawa, kung controlling o mayroong pagnanais na magkaroon ng kontrol ang isang magulang, maaaring hindi nakakapagsalita ang isa

pang magulang para sa kanyang sarili o para sa kanilang mga anak kapag nasa iisang lugar ang mga magulang.

Tatanungin kayo ng mga awtorisadong tagapamagitan at iba pang propesyunal sa katarungang pampamilya tungkol sa karahasan sa pamilya at iba pang salik upang makatulong na matukoy kung aling paraan ng resolusyon para sa hidwaan ang naaangkop sa mga sitwasyon. Kung mayroon kayong mga alalahanin tungkol sa resolusyon para sa hidwaan sa pamilya, mahalagang talakayin ito kasama sila upang malaman kung mayroong posibleng solusyon.

## Mga pagkakaiba sa pagitan ng negosasyon, pamamagitan, at batas sa pakikipagtulungan (collaborative law)

Maraming paraan upang malutas ang isang hidwaan kaugnay ng batas ukol sa pamilya (family law) sa labas ng korte. Binabanggit sa bagong *Batas sa Diborsyo* ang negosasyon, pamamagitan, at batas sa pakikipagtulungan (colaaborative law). Gayunpaman, mayroon pang ibang anyo ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya. Pinahihintulutan ng ilang lalawigan ang paggamit ng pag-aareglo upang malutas ang mga hidwaan kaugnay ng batas ukol sa pamilya.

Nakadepende sa inyong sitwasyon ang pagpapasya kung aling paraan ang pinakamakakabuti para sa inyo.

### Negosasyon

Maisasagawa ang negosasyon nang mayroon o walang tulong ng isang legal na tagapayo. Bahagi nito ang mga talakayan sa pagitan ninyo at ng inyong dating asawa upang subukang makabuo ng kompromiso o kasunduan tungkol sa mga isyung nauugnay sa paghihiwalay at diborsyo.

Binabalangkas ng isang **plano sa pagpapalaki ng anak** kung paano palalakihin ng mga magulang ang kanilang mga anak pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo. Inilalarawan ng mga plano sa pagpapalaki ng anak kung paano maalagaan ng mga magulang na hindi nakatira sa iisang bahay ang kanilang mga anak at kung paano sila makakagawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa mga bata sa parehong tahanan. Makakabuo kayo ng plano sa pagpapalaki ng anak sa pamamagitan ng anumang anyo ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa plano sa pagpapalaki ng anak, tingnan ang: https://www.justice.gc.ca/eng/fl-df/parent/ppc-lvppp/index.html

### Batas sa Pakikipagtulungan (Collaborative Law)

Ang batas sa pakikipagtulungan (collaborative law) ay isang partikular na uri ng negosasyon. Sa batas sa pakikipagtulungan (collaborative law), kayo at ang inyong dating partner, ang inyong mga legal na tagapayo at iba pang propesyunal (halimbawa, mga pampinansyal na tagapayo, propesyunal sa kalusugan ng pag-iisip, o accountant), ay sumasang-ayong makipagtulungan upang makabuo ng kasunduan. Sa panahon ng

proseso ng pakikipagtulungan, kayo at ang inyong dating partner ay magkakasundong hindi magdadala ng anumang aplikasyon sa korte.

## Pamamagitan

Ang isang tagapamagitan ay isang walang pinapanigang ikatlong partido na makakatulong sa inyo ng inyong dating partner na matukoy at matalakay ang mga isyung nauugnay sa pagpapalaki ng anak, paghihiwalay, o diborsyo. Matutulungan kayo ng mga tagapamagitan na tukuyin ang mga isyu at bumuo ng mga posibleng solusyon para sa mga ito. Sa panahon ng pamamagitan, direkta ninyong sasabihin ng inyong dating partner sa isa't isa ang gusto at kailangan ninyo para sa inyong sarili. Kung may mga anak kayo, maaari din ninyong sabihin ang mga bagay na sa tingin ninyo ay pinakamakakabuti para sa inyong mga anak.

Ang tagapamagitan ay hindi kakampi sa sinuman sa inyo o gagawa ng mga desisyon para sa inyo. Hindi rin sila maaaring magbigay ng legal na payo. Bagama't tutulungan kayo ng tagapamagitan na magkasundo, sa huli ay kayo pa rin ng inyong dating partner ang gagawa ng mga desisyon kabilang ang mga pagpapasya tungkol sa pinakamakakabuting kasunduan ukol sa pagpapalaki ng inyong mga anak.

Dahil karaniwang mayroong mga direktang pakikipagtalakayan sa ibang tao ang pamamagitan, hindi ito naaangkop sa lahat. Halimbawa, kung nagkaroon na ng karahasan sa pamilya at mayroong mga kasalukuyang alalahaning patungkol sa kaligtasan, baka hindi ito posible para sa inyo at sa ibang tao na mamagitan nang ligtas at epektibo.

Sa ilang kaso, mas mainam ang iba pang paraan ng pamamagitan. Halimbawa, sa **pabalik-balik na pamamagitan** o **shuttle mediation**, hindi ninyo kailangan ng inyong dating partner na manatili sa iisang lugar. Makikipag-usap ang tagapamagitan sa isang tao, at pagkatapos ay sa isa pa nang magkahiwalay. Magkakaroon kayo ng negosasyon ng inyong dating partner sa tulong ng tagapamagitan, nang hindi naghaharap.

Posible ring magsagawa ng pamamagitan mula sa magkaibang lokasyon sa pamamagitan ng teknolohiya tulad ng telepono o kumperensya sa video. Halimbawa, maaari ninyo itong gawin kung nakatira kayo ng inyong dating partner sa magkaibang lungsod.

## Pag-aareglo

Sa ilang lalawigan, malulutas ang mga isyu sa pagpapalaki ng anak, maging ang mga isyu sa ari-arian at pagsuporta, sa pamamagitan ng **pag-aareglo**. Sa pag-aareglo, kayo at ang kabilang partido ay sang-ayon na pahintulutan ang isang walang pinapanigang tao—ang tagapag-areglo—na pagpasyahan ang mga legal na isyu.

Isang pribadong proseso ang pag-aareglo at responsibilidad ninyo ng inyong dating partner na bayaran ang tagapag-areglo, pati ang inyong sari-sariling legal na tagapayo

(kung mayroon kayo). Malamang na mas impormal na proseso ang pag-aareglo kumpara sa paglilitis sa korte.

### Pagtutulungan sa pagpapalaki ng anak

Ang pagtutulungan sa pagpapalaki ng anak ay isang proseso ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya na nakatuon sa anak. Para ito sa paglutas sa mga hidwaan kaugnay ng pagpapalaki ng anakna nagsisimula pagkatapos ninyong makabuo ng kasunduan o kautusan tungkol sa oras para sa pagiging magulang, mga responsibilidad bilang magulang, o ugnayan sa pagitan ng anak at iba pang mahahalagang tao sa buhay ng bata. Maaaring gumamit ang mga parenting coordinator ng kumbinasyon ng pamamagitan at pag-aareglo upang malutas ang mga hindi pagkakasundong nauugnay sa pagpapalaki ng anak. Ang mga parenting coordinator ay maaaring mga abogado ng batas ukol sa pamilya (family law), propesyunal sa kalusugan ng pag-iisip, social worker, therapist ng pamilya, tagapamagitan, at tagapag-areglo.

## Paano magpasya kung anong resolusyon para sa hidwaan sa pamilya ang pinakamamakakabuti para sa inyong pamilya

Kapag nagpapasya kung aling resolusyon para sa hidwaan sa pamilya ang pinakamamakakabuti para sa inyo, maraming bagay ang dapat pag-isipan. Naglalaman ang lathalaing Paggawa ng Mga Plano ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa pagpapalaki ng anak pagkatapos ng paghihiwalay at diborsyo. Halimbawa, maaaring kailangan ninyong isaalang-alang ang bigat ng salungatan sa pagitan ninyo at ng isa pang magulang.

Maaari din ninyong mapagpasyahan na pinakamamakakabuti para sa inyo at sa inyong pamilya ang pagkakaroon ng taong magpapasya para sa inyo, tulad ng hukom o tagapag-areglo.

### Kailan ninyo kailangang pumunta sa korte

Kung kayo ng inyong dating partner ay hindi makapagkasundo o nagkasundo lang sa ilang partikular na isyu, maaaring kailangan na ninyo ng taong magpapasya para sa inyo.

Ang pag-aareglo ay isang paraan na nagpapahintulot sa inyong magkaroon ng taong magpapasya para sa inyo.

Maaari din kayong pumunta sa korte. Nangangahulugan ang pagpunta sa korte na kailangan ninyo ng hukom na magpapasya sa mga kalalabasang naaangkop sa inyo at sa inyong pamilya. Hindi ninyo dapat asahang mabibigyan kayo kaagad ng korte ng kautusan. Maaari itong matagalan.

Maraming hakbang ang proseso ng korte, na maaaring mag-iba-iba depende sa kung saan kayo nakatira. Kahit na mapunta kayo sa korte, kayo ng inyong dating partner ay

hihikayatin pa rin ng korte na magkasundo sa pamamagitan ng ibang paraan, kung posible. Sa katunayan, maaari ding subukan ng isang hukom na ayusin ang mga isyu sa labas ng korte – halimbawa, sa isang pamamaraang tinatawag na kumperensya ng pakikipag-ayos. Sa isang kumperensya ng pakikipag-ayos, kayo ng inyong dating partner ay bibigyan ng hukom ng mga opsyon tungkol sa kung paano posbleng maayos ang ilan sa o lahat ng isyu, nang hindi ipinagpapatuloy ang proseso ng korte.

Gayundin, kayo ng inyong dating partner ay maaaring atasan ng mga korte sa inyong lalawigan na lumahok sa ilang iba pang anyo ng resolusyon para sa hidwaan bago magpatuloy sa pagkilos sa korte.

Kung hindi ninyo maaayos ang inyong hidwaan, magsasagawa ng pagdinig o paglilitis ang isang hukom, at pagkatapos ay gagawa siya ng kautusan mula sa korte. Dapat ninyong gawin ang isinasaad sa kautusan mula sa korte.

Maaari din ninyong hilingin sa korte na isama ang isang kasunduang nagawa ninyo sa kautusan mula sa korte. Tinatawag itong “kautusan para sa pahintulot” o “consent order” dahil napagkasunduan ninyo ito ng inyong dating partner. Mas simple ang proseso kaysa kapag hindi nagkakasundo ang mga partido.

**Tandaan**

Maaari ninyong lutasin ang inyong mga hidwaan sa labas ng korte sa pamamagitan ng resolusyon sa hidwaan sa pamilya, ngunit korte lang ang makakapagpahintulot sa diborsyo. Kapag pinahintulutan na ng hukom ang diborsyo, maglalabas ng katibayan ng diborsyo ang korte na nagpapatunay na hindi na kayo kasal.

Maaaring may iba pang dahilan ang pangangailangan ninyo na makakuha ng kautusan mula sa korte. Halimbawa, kung nais ninyong kilalanin sa ibang lalawigan o bansa ang inyong kasunduan bilang kautusan mula sa korte, kakailanganin ninyong pumunta sa korte.

## Mga serbisyo para sa katarungang pampamilya sa inyong lalawigan

Maaaring mga serbisyong pampubliko (binabayaran ng pamahalaan) o pampribado (binabayaran ninyo) ang mga serbisyo para sa katarungang pampamilya na tumutulong sa mga tao na lumutas ng mga isyung dulot ng paghihiwalay o ng diborsyo. Mayroong mga serbisyo para sa katarungang pampamilya ang mga lalawigan at teritoryo tulad ng pamamagitan at mga sesyon ukol sa impormasyon sa pagpapalaki ng anak na maaaring makatulong sa inyo. Maaari din kayong makakita ng iba pang kapaki-pakinabang na serbisyo sa website ng inyong panlalawigan o teritoryal na pamahalaan. Maaari ding mag-alok ang mga propesyunal sa pribadong sektor ng mga serbisyo ng resolusyon para sa hidwaan sa pamilya sa inyong lalawigan o teritoryo.

### Mga kaugnay na link

- Paggawa ng Mga Plano: Isang gabay sa mga kasunduan sa paglalaki ng anak pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo
- Ang checklist ng plano sa pagpapalaki ng anak
- I-access ang tool ng plano sa pagpapalaki ng anak
- Mga Alituntunin ng Pederal kaugnay ng Pagsuporta sa Bata: Sunod-sunod na Hakbang